

## ACTIVITY

A. Iguhit ang iyong sagot sa bawat tanong.



1. Bakit lumapit at nagreklamo ang ilang Israelita kina Moses at Aaron?



3. Gaano karami ang dapat kunin na manna ng mga tao sa unang limang araw ng linggo?



5. Anong naramdaman ni Moses nang malaman niya na hindi sumunod ang iba sa kanyang binilin?



2. Anong pagkain ang pinaulan ng Diyos mula sa langit?



4. Anong nangyari sa itinirang manna ng mga tao sa araw na namulot sila ng sobra sa kailangan nila?




6. Ano ang dapat gawin ng mga tao sa ika-pitong araw?

## B. Mag-balik tanaw.

Ang mga Israelita (sa kuwento), sila Adam at Eve, at si Cain ay may pagkakapareho: lahat sila ay hindi nakinig at sumunod sa sinabi ng Diyos.

Sa loob ng bawat bilog, isulat ang pagkakataon na hindi nakinig at sumunod ang mga tauhan sa sinabi ng Diyos.



Maliwanag ang naging tagubilin ng Diyos sa mga Israelita patungkol sa pagkuha ng manna sa loob ng anim na araw. Ang hindi nila pagsunod sa tagubiling ito ay patunay ng kawalang tiwala ng mga tao sa Kanyang salita. Kumuha sila ng higit sa kailangan nila, nagtabi sila para sa kinabukasan at lumabas sila upang mamulot sa ika-pitong araw. Makikita na ang hindi pagsunod sa tagubilin ng Diyos ay may hindi magandang dinudulot gaya na lang ng iba pang mga tauhang napagusapan sa mga nakaraang lesson.



## C. Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong.

Nag-celebrate ng ika-siyam na kaarawan si Mildred. Inimbitahan ng mga magulang niya ang lahat ng kanyang kamag-aral at mga guro. Bago pumunta ang mga bata sa venue, pinaalalahanan sila ni Ginoong Villanueva (kanilang class adviser) na magpakita ng magandang pag-uugali. Pinaalala din niya na kapag kumuha sila ng pagkain ay kunin lang nila ang kaya nilang ubusin.

Pag dating sa bahay ni Mildred nagpakitang galang ang mga bata at pumunta sa nakalaang puwesto nila. Ang ilan sa mga magkakaklase ay kitang-kita ang *excitement* nang makita ang dami ng handang pagkain. Muling pinaalalahanan ni Ginoong Villanueva ang mga bata na huwag kumuha ng labis at kainin lamang ang kaya nila. Ngunit hindi nakinig sila

Marvin, Jessa at Aldrin. Sila ay kumuha agad ng marami ngunit hindi nila naubos dahil nabusog na sila. Nasayang ang pagkain na natira sa plato nila. Si Aldrin naman ay kumain ng labis bagamat busog na siya ay patuloy pa rin siya sa pagkain at hindi nagtagal ay sumakit ang kaniyang tiyan.

Matapos ang handaan, nagpasalamat ang mga guro at kamag-aral ni Mildred at humingi ng paumanhin ang mga guro sa inasal ng mga bata. Tinulungan nila si Aldrin na maibsan ang sakit na nararamdaman at pinaalam sa kanilang mga magulang ang nangyari.

Mga tanong:

1. Bakit hindi tama ang ginawa nila Marvin, Jessa at Aldrin?

---

---

2. Anong ugali ang ipinakita ng mga bata na maihahalintulad mo sa mga Israelita?

---

---

3. Kung ikaw ay isa sa mga kaklase ni Mildred tutularan mo rin ba ang ginawa nila Marvin, Jessa at Aldrin? Bakit?

---

---

Ang pagkuha ng higit sa iyong pangangailangan ay pagpapakita ng pagiging makasarili. Sina Marvin, Jessa at Aldrin ay naging makasarili sa pangyayaring ito. Kumuha sila ng higit sa kaya nilang kainin at kumain ng higit sa kaya ng tiyan. Hindi nila inisip ang ibang bisita ni Mildred na kakain din nung pagkakataon na yun. Bukod sa pagiging makasarili, makikita rin na hindi nakinig at sumunod ang magkakaklase sa bilin ng kanilang guro. May mga pagkakataon din na tayong mga bata ay hindi nakikinig sa ipinagbilin o paalala sa atin at nagiging makasarili. Matuto tayong makinig at sumunod sa mga paalala sa atin. Isipin din natin ang ibang tao bago tayo gumawa ng isang bagay.



#### D. Memory Verse

Ang anak na may unawa'y nakikinig sa kanyang ama, ngunit walang halaga sa palalo ang paalala sa kanya. **Mga Kawikaan 13:1**